# Project EASE

(Effective and Alternative Secondary Education)

## ARALING PANLIPUNAN I




**MODYUL 15**
**PANANAKOP NG HAPON AT REAKSYON NG MGA PILIPINO**

BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City

## MODYUL 15

## PANANAKOP NG HAPON AT REAKSYON NG MGA PILIPINO

Sa Modyul 14, nailarawan ang ginawang paglusob ng mga Hapon sa Pilipinas at ang hirap na dinanas ng mga Pilipino upang pigilin ang kanilang pananakop. Nabigo ang mga pagtatanggol at sinakop ng mga Hapon ang buong bansa. Sa likod ng mga kahirapan at karahasang dulot ng pamamahala ng mga Hapon, nagpunyagi ang mga Pilipino upang labanan ang mga kalupitan ng mga mananakop.

Sa modyul na ito, itutuloy natin ang pag-aaral ng mga kaganapan noong panahon ng Hapon. Sisikaping sagutin ng modyul ang mga tanong na ito: ano ang uri ng pamamahala ng mga Hapon at ano ang pamamaraan ng mga Pilipino upang labanan ang kanilang karahasan? Ano ang mga ipinakitang kabayanihan ng mga Pilipino na magsisilbing halimbawa sa mga kabataan sa ngayon?

May tatlong aralin sa modyul na ito:

- Aralin 1: Mga Motibo ng Hapon sa Pagsakop sa Pilipinas
- Aralin 2: Pamamahala at Pamamalakad ng mga Hapon
- Aralin 3: Pagkilos at Pakikilaban ng mga Pilipino

Pagkatapos ng mga araling iyan, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang mga dahilan ng Hapon sa pagsakop sa Pilipinas;
2. Matatalakay ang mga pagbabagong naganap noong panahon ng Hapones sa larangan ng pulitika, ekonomiya, panlipunan at kultura;
3. Matataya ang kahalagahan ng kilusang Gerilya at ang katapangan ng mga Pilipino; at
4. Mapahahalagahan ang pagsisikap ng mga Pilipino upang makamit ang kalayaan at maipakita ang katapatan sa demokrasya.

**PANIMULANG PAGSUSULIT**

Handa ka na bang suriin kung mayroon kang mga kaalaman sa paksa natin sa modyul? Magsimula ka na. Itambal ang tinutukoy sa bawat bilang sa mga salita sa kanang hanay. Isulat ang titik nito sa patlang sa kaliwa.


______1. Pagyakap sa kulturang Asyano ang layunin nila
______2. Partido ng mamamayang nilikha ng mga Hapon
______3. Pinamunuan ito ni Dr. Jose P. Laurel
______4. Bagong Pamahalaan
______5. Pambansang Wika
______6. Babasahing bawal ipalimbag
______7. Wikang ipinatuturo ng mga Hapon
______8. Pamahalaang ang mga pinuno ay pinagalaw ng ibang tao
______9. Mga sundalong namundok at nakipaglaban sa mga Hapon
______10.Kilusan ng magsasaka upang mangalaga sa katahimikan ng bayan
______11. Espiya ng Hapon
______12. Pinuno ng HUKBALAHAP
______13.Nakipagtulungan sa mga Hapones
______14.Uri ng pamahalaan
______15.Maraming ipinagbawal ang mga Hapones
______16.Pamahalaang militar
______17.Pangulo ng Ikalawang Republika
______18.Pulis militar na Hapones
______19.Pera ng Hapon
______20.Pagpipigil sa kilos ng mga mamamayan

a. curfew
b. gerilya
c. Greater East Asia Co-Prosperity Sphere
d. KALIBAPI
e. Kolaboreytor
f. Kempei-tai
g. Pahayagang Ingles
h. Ikalawang Republika
i. HUKBALAHAP
j. Makapili
k. Jose P. Laurel
l. Mickey-Mouse
m. Luis Taruc
n. Niponggo
o. Pamahalaang Papet
p. “Panahon ng Kadiliman”
q. Tagalog
r. Totalitaryan
s. Walang kalayaan
t. Republika

**ARALIN 1**
**ANG MGA MOTIBO NG HAPON SA PAGSAKOP SA PILIPINAS**



Sa buong Asya, naunang sinakop ng mga Hapon ang Tsina at Mongolia. Bakit nabaling ang kanilang pansin sa Pilipinas? Sa araling ito, susuriin natin ang mga motibo ng Hapon sa pagsakop sa ating bansa. Bakit nila sinakop ang Pilipinas?



Pagkatapos ng aralin, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Masusuri ang mga dahilan kung bakit sinakop ng Hapon ang Pilipinas; at
2. Makapagbigay ng puna sa kaugnayan ng kanilang paraan sa pananakop at ang katapatan ng kanilang layunin.



**Gawain I: Pag-isipan Mo!**

Alin sa palagay mo ang mga dahilan ng Hapon sa pagsakop sa Pilipinas? Bakit mo napili ang mga iyan?

____1. Upang maging makapangyarihan sa buong mundo.
____2. Upang may mapaglipatan ng kanilang lumalaking populasyon.
____3. Upang maangkin ang likas na yaman ng bansa.
____4. Upang maging kolonya ang bansang Pilipinas.
____5. Upang makilala ang magagandang Pilipina.

**Ang Pananaw ng Hapon Para sa Dulong Silangang Asya**

Ang Pilipinas ay paunlad na nang paunlad, lalo na sa kabuhayan, nang sumiklab ang ikalawang digmaang pandaigdig at sakupin ito ng mga Hapones.
Nang mapabagsak ang Bataan at Corregidor, nagtatag ng isang pamahalaan ang mga Hapon sa Maynila. Nabanggit na, sa sinundang modyul, ang paghirang nila kay Jose Vargas bilang tagapangulo ng itinatag na Komisyong Tagapagpaganap ng Pilipinas.

Noong mga unang buwan ng 1943, ipinahayag ng mga Hapon na nais nilang mabigkis ang lahat ng mamamayan ng Dulong Silangang Asya upang magkaroon ng kasaganaan at kaunlaran sa bahaging ito ng daigdig. Upang

matamo ito, bubuo ang Hapon ng mga programang pang-ekonomiya upang magkaroon ng pagkakaisa ang mga rehiyon sa Pasipiko, mula sa Burma hanggang Australia.


Pinangakuan nila ang mga Pilipino na bibigyan ng kasarinlan kung sila ay tutulong sa pagbuo ng “Samasamang Kasaganaan sa Higit na Malaking Silangang Asya”. Tinawag ito sa Ingles na “Greater East Asia Co-Prosperity Sphere.” Lumalabas na ang layunin nila sa pananakop ay ang paunlarin ang Dulong Silangang Asya na kinabibilangan ng Pilipinas. Lumalabas din na isang paanyaya ang pagmumungkahing sumali ang Pilipinas sa kalipunang ito. Ngunit kung susuriin, mangyayari lamang ang sinasabing kasaganaan kung ilalagay ang mga bansa sa ilalim ng kanilang pamumuno at kapangyarihan.



**Mga Tunay na Layunin sa Pananakop ng Hapon**

Bukod sa "paanyaya" ng Hapon sa Pilipinas na lumahok sa kanyang programa, maraming salik na nagtulak sa bansang Hapon upang palawakin ang kaniyang teritoryo. Una, lumalaki ang populasyon ng Hapon at kailangan ng mas malaking teritoryo. Pangalawa, lumalaki ang kanilang produksyon at kinakailangang magkaroon ng pamilihan ang kanilang mga kalakal. Pangatlo, ang bansang Hapon ay naghahanap ng makukuhanan ng mga likas na yaman upang gamitin sa paggawa ng mga makabagong teknolohiya at mga kagamitang pandigma.

Upang madaling matamo ang kanilang mga layunin, pinag-aralan ng mga Hapon kung paano kukumbinsihin ang mga opisyal na Pilipino. Batid ng mga Hapon ang kasaysayan ng pakikipaglaban ng mga Pilipino upang makuha ang kalayaan sa mga Espanyol at Amerikano. Batid nila na pinagpilitan ng mga Pilipinong makuha ang kalayaan upang mapasakamay nila ang pagpapatakbo ng pamahalaan. Walang ninanais ang mga Pilipino kundi ang pamunuuan ang sarili nilang bansa. Dahil dito, pinangakuan nila ng kasarinlan ang mga Pilipino. Upang isulong diumano ang kasarinlang ito, nangako ang pamahalaang militar ng Hapon na magtatatag ito ng isang Republika na pamumunuan ng mga Pilipino.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

Makipag-usap sa ilang matatanda sa inyong lugar (maaaring lolo o lola) na nabuhay noong panahon ng Hapon. Ipakuwento ang tungkol sa kayamanan ni Hen. Yamashita. Kung maaari, panoorin mo rin ang pelikula tungkol diyan. Ano ang mga ebidensiya na ang mga Hapon ay may motibong pang-ekonomiya sa kuwentong iyan?



**Tandaan Mo!**

- Pangunahing layunin ng mga Hapon sa kanilang pananakop ang pag-isahin ang mga bansa sa dulong silangang Asya para sa kaunlarang pang-ekonomiya ng rehiyon.
- Dagdag na layunin ng Hapon ang mapalawak ang kanilang sakop na teritoryo upang may mapaglagyan ng lumalaki nilang populasyon, magkaroon ng pamilihan ng kanilang kalakal at gamitin ang ating likas na yaman sa paglikha ng mga kagamitang panteknolohiya at pandigma.
- Pinangakuan ng Hapon ang mga Pilipino ng pagsasarili upang mahikayat na sumunod sa kanilang mga patakaran.



**Gawain 3: Paglalapat**

Ipagpalagay mo na nabuhay ka noong panahon ng Hapon. Batay sa mga nabasa mo sa modyul at aralin, maituturing mo bang tapat o hindi ang layunin ng mga Hapon sa pagbibigay ng kasarinlan sa mga Pilipino? Talaga kayang gagawin nila ito? Pangatwiranan mo.

## ARALIN 2
## PAMAMAHALA AT PAMAMALAKAD NG MGA HAPON



Maikli lamang ang panahon ng pananakop ng mga Hapon. Subalit ang panahong iyon ay nakatimo din sa isipan ng ating mga kababayan. Ilan sa mga isyu at usaping binubuksang muli ngayon ay ang isyu ng "*comfort women*" o pang-aabuso sa mga kababaihan. Isa lamang iyan sa mga naranasan ng mga Pilipino sa kamay ng mga Hapon.

Sa modyul na ito, pagtutuunan ng pansin ang pamamahala at pamamalakad ng mga Hapon, ang mga pagbabagong nais nilang ipatupad, at ang mga karahasang hinding hindi malilimutan ng mga Pilipinong nabuhay noong panahong iyon. Talaga nga kayang pagkakalooban nila ng kalayaan ang mga Pilipino noon?

Pagkatapos mong pag-aralan ang nilalaman ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

1. Makapagbibigay ng pananaw hinggil sa uri ng pamamahala ng mga Hapon;
2. Makatutukoy ng mga pagbabagong pampulitika, pang-ekonomiya at panlipunan; at
3. Makapagbibigay ng reaksyon sa kalagayan ng pamumuhay ng mga Pilipino sa ilalim ng pamahalaang ito.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Gumawa ng maikling kuwento tungkol sa larawan. Ano ang nais na ipahiwatig sa larawang ito?



Encarta Encyclopedia, West Stock/Paul Conklin

Encarta Encyclopedia, Archive Photos

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**Pagtatatag ng Ikalawang Republika**

Pagkatapos itatag ang Komisyong Tagapagapaganap ng Pilipinas, sa pamumuno ni Jose Vargas, ipinag-utos ng mga Hapon ang paglikha ng pitong kagawaran na ang bawa't isa ay may kalihim na Pilipino. Ngunit sa bawat kagawaran ay may isang Hapon na nagmamatyag at nagsasabi sa mga kalihim kung ano ang gagawin.

Nang dakong 1943, nilikha ng mga Hapon ang Panimulang Lupon sa Pagsasarili ng Pilipinas na binubuo ng mga Pilipino at inatasan itong maghanda ng isang saligang-batas bilang paghahanda sa republikang kanilang ipagkakaloob. Bago nangyari ito, pinawalang-bisa ng mga Hapon ang mga partidong pulitikong naitatag noong panahon ng Komonwelt. Bilang kapalit nito, inutusan nila ang mga Pilipinong lumikha ng isang Kapisanan sa Paglilingkod ng Bagong Pilipinas o KALIBAPI. Inutusan itong sumulat at pagtibayin ang isang saligang-batas para sa pagtatatag ng bagong Republika ng Pilipinas. Naghalal ang KALIBAPI ng mga kaanib ng Pambansang Asembleya at noong ika-23 ng Setyembre, 1943, sa pang-unang pagtitipon ng Asembleya ay nahalal na Pangulo ng Republikang tinatangkilik ng Hapon si Jose P. Laurel.

Noong ika-14 ng Oktubre,1943 ay pinasinayaan ang Ikalawang Republika ng Pilipinas na lalong kilala sa tawag na pamahalaang nasa patnubay ng Hapon. Ang pambansang awit at watawat ng Pilipinas na dati ay ipinagbawal ay ipinaawit at iwinagayway. Nang araw ding iyon, pinilit ng mga Hapon si Jose P. Laurel na pirmahan ang isang kasunduang militar kung saan ang Pilipinas ay nangangako ng katapatan sa bansang Hapon. Ngunit bagama't pumirma si Pangulong Laurel, ito ay walang saysay sapagkat nanatiling matapat sa mga Amerikano ang mga Pilipino at hinihintay lamang ang kanilang pagbabalik.

**Pagbabagong Pampulitika**

Sa ilalim ng Republika, lahat ng mga nanungkulan sa pamahalaang pambansa at lokal ay pawang Pilipino, ngunit hindi maaaring tumutol sa bawat naisin ng mga opisyal na sundalong Hapon na nakatalaga at nagmamatyag sa bawat kilos nila. Liga militar na Hapones ang nagpapatakbo ng pamahalaan. Ang

saligang-batas ay nasunod sa porma at istruktura lamang ng pamahalaan subalit ang mga batas at utos ay galing sa Hapon. Maging si Pangulong Laurel ay walang kapangyarihan.

Inalis ang halalan at ipinagbawal ang pagsasalita laban sa pamahalaan. Walang pribilehiyo ang mga mamamayan sa pagsasalita laban sa mga opisyal at kinakailangang yumuko at magbigay galang sa mga opisyal na Hapones. Ang mga kaso na Pilipino lamang ang nasangkot ay nililitis sa hukuman ngunit ang mga Hapon ay nililitis ng hukumang militar ng Hapon. Dahilan dito, kalimitan ay napapawalang-sala ang mga nasasakdal na Hapones.

Nagtayo ng maraming instalasyong militar at mga garison sa iba't ibang gusali sa kapuluan ang mga Hapon. Bawat napaghihinalaang kumikilos laban sa kanila ay ikinukulong at pinarurusahan ng iba't ibang karumal-dumal na paraan.

**Mga Pagbabagong Pangkabuhayan**

Ang salaping ginamit noong panahon ng Hapon ay ang kanilang yen, na tinatawag ng mga Pilipinong "mickey mouse money." Malalaking papel at maliit ang balyu at isinisilid na lamang sa bayong sapagkat wala namang ganoong mabibili sa mga palengke. Ito ay sa dahilang ang mga Hapon ang namahala sa mga lupain, industriya, transportasyon at kabuhayan ng Pilipinas. Ang mga pagkain, bigas at alagang hayop ay sinamsam ng mga sundalong Hapon. Nabuhay ang mga tao sa lamang dagat, lamang lupa at mga halaman. Marami ang nagkasakit ng beri-beri dahil sa kakulangan ng mga protina at bitamina sa katawan. Ang mga maysakit ay namamatay na lamang sapagkat kulang ang mga ospital at serbisyong panggagamot.

**Mga Pagbabagong Panlipunan**

Tunay na pasista ang mga Hapon. Walang kalayaan at pribilehiyo ang mga Pilipino. Bawal ang pagpapalimbag ng babasahing Ingles at ipinaturo sa mga paaralang bayan ang Niponggo, ang wika ng Hapon. Walang laya sa paggalaw at pagkilos ang mga tao, maging sa pagbibiyahe. May curfew sa mga lansangan. Ang paglabas sa mga tahanan sa hindi tamang oras ay ipinagbawal at ang mga lumabag ay ikinukulong o binabaril.

Sinikap din naman ni Pangulong Laurel na maging makabuluhan ang Republika ngunit lahat ng kanyang pagsisikap ay nawalan ng saysay. Ang mga Hapones ay hindi naging matapat sa kanilang pangakong bibigyan ng kalayaan ang bansa. Ang mga mamamayan ay inalisan ng maraming karapatan.

Maraming kababaihan ang nilapastangan at ginawang libangan ng mga Hapon. Ang mga kalalakihang napaparatangan ng pagiging gerilya ay inilalayo sa kanilang mga pamilya, at ikinukulong sa mga garrison, at pinahihirapan hanggang sa mamatay. Lumikha ang mga Hapon ng hukbo ng makapili, mga espiyang natatakpan ng bayong ang mukha. Dinadala ang mga makapili sa mga lugar na may mga pinaghihinalaang gerilya o kalaban ng Hapon. Suot ang kanilang bayong, ituturo ang mga pinaghihinalaan at darakpin ito ng mga Hapon. Kapag hindi nakatakas mula sa garison, ang mga napaghinalaan ay maaaring hindi na makakabalik ng buhay sa kanilang pamilya dahil sa pagpapahirap gamit ang iba't ibang malupit na paraan.

Ang pagmamalupit sa mga Pilipino ay nagpatuloy. Ang panahong ito ay tinawag na "Panahon ng Kadiliman" dahil walang seguridad at katiyakan ang buhay ng mga mamamayan sa araw-araw. Sila ay nagtatago pag may dumarating na mga Hapon o dili kaya'y nagsisinungaling upang hindi maparusahan. Ang masakit dito, natuto ang ibang ipagkanulo ang kanilang kababayan upang humaba ang sariling buhay.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Ngayong nabasa mo na ang uri ng pamamahala ng mga Hapon, lagyan ng ekis (×) ang naglalarawan sa uri ng pamahalaan na itinatag ng mga Hapones sa Pilipinas.

_____1. Pasismo
_____2. Pinamahalaan ng mga Pilipino
_____3. Demokratiko
_____4. Mapayapa
_____5.Makatarungan
_____6.Kontrolado ng mga Hapones
_____7. Totalitaryanismo
_____8. Kinatatakutan
_____9. Marahas
_____10. Pamahalaang papet "*puppet government*"

B. Magtanong sa iyong lolo o lola at ipakuwento ang ilang karahasan na naranasan o nakita nila noong panahon ng hapon.



**Tandaan Mo!**

- Itinatag ng mga Hapon ang Ikalawang Republika ng Pilipinas sa ilalim ng pamumuno ni Jose P. Laurel upang diumano'y bigyan ng bagong pamahalaan at kasarinlan ang mga Pilipino. Ngunit kabaligtaran ang nangyari sapagkat ang mga militar na Hapones ang nagpapatakbo ng pamahalaan at ang Pangulo ay walang kapangyarihan.
- Sa panahong ito, maraming nilabag na pantaong karapatan.
- Ang kabuhayan ng mga Pilipino ay hindi umunlad, bagkus nagdulot ng maraming maraming kasawian sa buhay ng mga Pilipino ang pamamahala ng mga Hapon.



**Gawain 3: Paglalapat**


Marami tayong mga kbabayan ngayon na nagtatrabaho at nagnanais na makapunta sa Japan. Sa palagay mo ba ay naghilomna ang sugat ng digmaan? Nanaisin mo ba rin bang magsilbi sa mga Hapon sa kanilang bansa pagkatapos mong malaman ang kasaysayan? Ipaliwanag ang sagot.

**ARALIN 3**

# PAGKILOS AT PAKIKILABAN NG MGA PILIPINO LABAN SA HAPON



Bagamat nasakop ang buong kapuluan at nagsisuko ang mga heneral na Amerikano, napag-alaman mo sa naunang modyul na para sa mga Pilipino, dapat ituloy and laban. Hindi ba't isa iyang kapuri-puri ng katangian ng ating mga kababayan? Sa araling ito, malalaman mo kung paano itinuloy ng mga Pilipino ang kanilang paglaban sa mga Hapon kahit na malakas ang puwersa ng mga ito.



Inaasahang pagkatapos ng aralin ay magagawa no ang mga sumusunod:

1. Matatalakay ang mga layunin at pamamaraan ng mga kilusang nabuo noong panahon ng Hapon;
2. Matutukoy ang magigiting na Pilipinong nagpakilos at nagbigay-buhay sa mga pakikipaglaban sa Hapon; at
3. Mapahahalagahan ang naging bunga ng pakikipaglaban ng iba't ibang kilusan ng mga Pilipino laban sa mga Hapon.



**Gawain 1: Pag-isipan Mo!**

Subukan mo kung masasagot mo ang mga sumusunod na tanong na may kaugnayan sa araling ito. Sagutan ng oo o hindi.

_____1. Ang mga gerilya ba ay mga dating sundalo na lumaban sa mga Hapones?

_____2. Ang mga sundalong Pilipino ba ang nakapagpasuko sa mga Hapones?

_____3. Higit na naging malupit ba sa mga Hapones ang mga HUK kaysa sa mga gerilya?

_____4. Nagpatuloy ba sa paglaban ang mga Pilipino kahit nasakop na ng mga Hapones ang Pilipinas?

_____5. Ang mga HUK ba ay dating mga sundalo ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas?

**Ang Kilusang Gerilya**

Nang bumagsak ang Bataan at Corregidor sa kamay ng mga Hapones noong Mayo 6,1942 ay hindi pa rin natapos ang labanan ng mga Pilipino at Hapones. Ang mga sundalong Pilipino, sa halip na sumuko, ay namundok at ipinagpatuloy ang pakikipagpaglaban nang palihim. Nagpangkat-pangkat sila na kung tawagin ay gerilya at mula sa mga bulubundukin at mga ilang na lugar, nagsagawa ng mga pabigla-biglang pagsalakay. Ang kanilang layunin: lusubin ang mga garison, patayin ang mga sundalo at opisyal na Hapon, palayain ang mga nakakulong, at salakayin ang mga istasyong militar upang sirain ang mga kagamitan at manguha ng mga bala at armas na gagamitin sa paglaban sa mga hapon.

Sa kalaunan ay lumaki ang bilang ng mga gerilya at ito ay dahil sa pag-iibayo ng kalupitan ng mga Hapon. Nagsama-sama ang mga maliliit na pangkat mula sa iba't ibang panig ng bansa. Naragdagan ang dami ng mga puwersang gerilya nang sumapi ang mga sibilyan sa mga lungsod at bayan-bayan kasama na ang ibang opisyal ng mga pamahalaang bayan na nagkukunwang tumutulong sa mga Hapon. Namundok din ang mga sibilyan at karaniwang mamamayang hindi na makatiis sa pagpapahirap ng mga Hapon. Kasama rin ang maraming kababaihang naging biktima ng karahasan ng mga dayuhan.

Maraming pangkat ng mga gerilya ang nabuo sa iba't ibang dako ng Pilipinas. Ang ilan sa mga lider ng mga gerilya ay militar, samantalang ang iba'y sibilyan. Si Tomas Confesor ang sibilyang lider ng Panay, samantalang si Koronel Macario Peralta naman ang lider militar. Sa Leyte ay si Koronel Ruperto Kangleon. Sa Mindanao ay sina Tomas Cabili at Salipada Pendatun. Sa Luzon, napabantog sina Wenceslao Q. Vinzons at Marcos V. Agustin (Marking). Bukod dito, may mga Amerikano ring naging kasapi at kasamang namundok at lumaban.

Sapagkat lumalaki ang kilusan at nagiging mapanganib para sa mga Hapon ang mga gerilya, naging lalong malupit at mahigpit ang mga Hapon. Maraming dinakip kahit walang sala. Kumuha ng maraming sibilyan na ginawang makapili at bawat mapaghinalaan ay ikinukulong sa Puwersa Santiago sa Maynila at sa iba't ibang garisong itinayo. Subalit lalo lamang dumami ang nagsisapi sa kilusan. Habang tinatakot ang bayan, lalo namang tumindi ang kanilang galit.

Naging isang mahalagang puwersa ang kilusang gerilya sa pagdudulot ng malaking sakit ng ulo sa mga Hapon at sa hindi pagiging matatag ng Republikang kanilang itinayo. Organisado ang kilusan. May mga kumander at mga ranggo ang mga kasapi. May ugnayan sa isa't isa at may mga sikretong sinyales na hindi maiintindihan ng mga Hapong kalaban. Habang walang puwersang dumarating mula sa Estados Unidos, naipakita ng mga Pilipino na kaya nilang ituloy ang laban, isang katangiang kanila nang napatunayan sa mga nakaraang pakikihamok sa mga naunang mananakop.

**Ang HUKBALAHAP**

Ang mga magsasakang labis na naghirap sa panahong ito ay nagbuklod upang bumuo ng isang kilusang may katulad na simulain sa mga gerilya. Higit sa lahat, ang mga magsasaka ang lubhang nakadama ng pagmamalupit ng mga Hapon. Ang kanilang mga sakahan ay pinagiinteresan ng mga opisyal na Hapon. Ang mga bigas na kanilang inaani ay kinukumpiska. Maging ang mga hayop at iba pang tanim na kanilang pinaghirapan ay nagsilbing pagkain at lakas ng mga Hapones habang ang kanilang mga pamilya ay namamatay sa gutom. Sila rin ang kadalasang pinaghihinalaang kasapi ng kilusang gerilya. Ang mga kababaihan sa mga lalawigan at mga bukirin ay naging biktima ng maraming kalupitan sa kamay ng mga sundalong Hapon.

Sa pamumuno nina Luis Taruc, Jesus Lava, at Jose Banal, naitatag ang Hukbo ng Bayan Laban sa mga Hapones o ang HUKBALAHAP. Nang lumaon, tinawag silang HUK. Ang kilusang ito ay binubuo ng mga magsasakang handang mangalaga sa kanilang mga sakahang kinakamkam ng mga Hapon. Naging tagapangalaga rin sila ng katahimikan ng kanilang mga bayan. Naging marahas ang ginawang pagsugpo ng mga HUK sa mga Hapones. Daan-daang Hapones ang kanilang pinatay. Sinasabing mas higit silang marahas kaysa mga gerilya kaya't mas higit silang kinatakutan ng mga Hapon.


**Mga Pagkilos ng Mga Sibilyan**

Katulad ng panahon ng paglaban sa mga Kastila at Amerikano, ang mga sibilyan ay nagbigay ng suporta sa mga kilusang nabanggit. Itinatago ang mga sugatan, ginagamot at pinakakain ng palihim. Ginamit ng mga kababaihan ang kanilang kagandahan sa panlilinlang ng mga Hapon, at ang mga kabataa'y naging tagapagdala ng mga armas at mensahe upang maipagpatuloy ang lihim na operasyon ng mga kilusan.

**Ang Liberasyon ng mga Pilipino Mula sa Hapon**

Ang mga Pilipino ay hindi naghintay lamang sa pagbabalik ng mga Amerikano upang sila ay iligtas sa kuko ng mga Hapon. Hindi nila hinayaang mayurakan ang kanilang dangal nang walang kalaban-laban. Sa maliit na paraan, at kahit kulang sa sandata at kagamitan, isinulong nila ang kanilang karapatan.

Nang bumalik si Hen. Douglas MacArthur sa Pilipinas kasama ang mga hukbong Amerikanong lulupig sa mga Hapon noong Enero 9, 1944, ang mga Pilipino'y hindi nanood lamang. Nagbigay ng dobleng lakas at tapang ang pagdating ng mga tropang Amerikano upang ang mga Pilipino ay makilahok sa kanilang liberasyon sa kamay ng mga Hapon. Habang sumusugod ang mga Amerikano sa mga pampang at himpapawid, mula sa loob ng bansa ay itinataboy naman ng mga gerilya at ng mga HUK ang mga Hapon sa labas ng mga lalawigan at bayan-bayan.



**Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman**

A. Anu-ano ang mga katangiang ipinakita ng mga Pilipino upang mapalayang muli ang bansa? Bilugan ang bilang sa ebidensiyang iyong nakita mula sa aralin. 5 ang pinakamataas na iskor at 1 ang pinakamababa.

| Katangian | Kitang-kita | | | Di-makita | |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Pagmamahal sa bansa | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 2. Pagmamahal sa lupa | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 3. Pagkamatiisin | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 4. Pakikiisa | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 5. Pagkamaparaan | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 6. Kasipagan | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 7. Katapangan | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
| 8. Pagkamadasalin | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |

B. Sumulat ng maikling talambuhay ng sinumang naging gerilya sa iyong pook. Magtanong sa inyong mga magulang o sa sinumang nakasaksi sa panahon ng Hapon na kilala ng inyong mga magulang.



**Tandaan Mo!**

- Marami ang napoot sa kalabisang ginawa ng mga Hapones sa loob ng maikling panahon nila sa Pilipinas. Maraming pinsala ang nagawa nila sa ating bansa at higit sa lahat ay pinaghihirapan ang mga mamamayan. Dahilan sa kanilang kalupitan na hindi matiis ng mga Pilipino, nagtatag ng mga kilusang gerilya, HUKBALAHAP, at iba pa upang labanan ang mga pagmamalupit ng mga Hapones.

**Gawain 3: Paglalapat**



**MGA DAPAT TANDAAN SA MODYUL NA ITO**

- Ang mga Hapones ay nagtatag ng isang repulika sa Pilipinas na pinamunuan ng mga Pilipino sa pangalan lamang.
- Nang ang Pilipinas ay sakupin ng mga Hapones napasailalim ito sa Pangasiwaang Militar na pinamunuan ng Direktor Heneral. Lumikha ng Komisyong Tagapagpaganap na may anim na Kagawaran. Bagamat ito ay ibinigay sa mga Pilipino, bawat isa ay may tagapayong Hapones. Nanatili ang Asembleya at mga Hukuman ngunit nawalan ito ay kapangyarihan.
- Dumanas ng hirap ang mga Pilipino sa kamay ng mga Hapones noong panahon ng digmaan. Nag-ibayo naman ang katapangan ng mga kilusang gerilya, Hukbalahap, at iba pang pangkat sa paglaban sa mga bagong mananakop.



## PANGHULING PAGSUSULIT

A. Piliin ang wastong sagot. Isulat ang titik nito sa bawat patlang.

_____1. Anong uri ng pamahalaan ang itinatag ng mga Hapones?

a. Pamahalaang Parlyamentaryo
b. Pamahalaang Demokratiko
c. Pamahalaang Totalitaryan
d. Pamahalaang Komonwelt

_____2. Anong uri ng pamahalaan ang pinamunuan ni Jose P. Laurel noong panahon ng pananakop ng mga Hapones?

a. Totalitaryan
b. Military
c. Puppet
d. Malaya

_____3. Ano ang tawag sa panahon ng mga Hapones dahil sa takot at pag-aalinlangan ang naghahari?

a. Panahon ng Kahirapan
b. Panahon ng Kadiliman
c. Panahon ng Kapayapaan
d. Panahon ng Kasayahan

_____4. Alin sa mga wikang ito ang itinuro at ipinagamit sa mga paaralan?

a. Kastila
b. Niponggo
c. English
d. Tagalog

_____5. Alin ang tama?

a. May higit na kapangyarihan ang Pangulo ng Republika.
b. May posisyon para sa Pangalawang Pangulo.
c. Mga militar na Hapones ang nagpatakbo ng pamahalaan.
d. Walang pakialam ang mga Hapones sa pamahalaan.

____6. Binuwag ng mga Hapones ang lahat ng mga lapiang pulitikal. Ito'y nangangahuluga ng:

a. Pag-aalis ng kabuhayan
b. Pag-aalis ng kalayaan
c. Pag-aalis ng pamahalaan
d. Pag-aalis ng mga samahan

____7. Ang Ikalawang Republika ng Pilipinas ay tinatawag na Puppet Republic dahil sa

a. Ang pangulo ay napasailalim ng kapangyarihan ng mga Hapones.
b. Pinamamahalaan ng mga Hapones ang buong bansa.
c. Pilipino lahat ang namumuno.
d. Laruang Puppet ang paboritong nilang laro.

____8. Ang mga sundalo o sibilyang namundok at patuloy nakipaglaban sa mga Hapones

a. HUKBALAHAP
b. Gerilya
c. Makapili
d. KALIBAPI

____9. Ang kilusang ito ay binubuo ng mga magsasakang handang mangalaga sa katahimikan ng bayan.

a. Gerilya
b. KALIBAPI
c. HUKBALAHAP
d. Makapili

____10. Ang pulis militar ng Hapones ay tinatawag na

a. Makapili
b. Kempei-tai
c. Heneral
d. Direktor-heneral

B. Ilarawan ang pamumuhay noong panahon ng mga Hapon. Magbigay ng 5 halimbawa ng mga umiral na kalagayang pangkabuhayan na tinalakay sa mga aralin.

11. ______________________________________________
12. ______________________________________________
13. ______________________________________________
14. ______________________________________________
15. ______________________________________________

C. Mga patunay o ebidensya na hindi lamang naghintay ang mga Pilipino na iligtas sila ng mga Amerikano bagkus ay kumilos din upang ipagtanggol ang Pilipinas sa mga Hapon

16. ______________________________________________
17. ______________________________________________
18. ______________________________________________

D. Pumili mula sa listahan sa kahon ng dalawang naging reaksyon ng mga Pilipino sa pananakop ng mga Hapon. Isulat sa patlang ang iyong sagot.

19. ______________________________________________
20. ______________________________________________

Mga pagpipilian:

A. Nagtago lamang at hindi kumilos.
B. Nagtiis lamang at hinintay ang pagbabalik ni Hen. MacArthur
C. Idinaan na lamang sa pagdarasal.
D. Lumaban ng harapan at patago, gamit ang iba't ibang paraan.
E. Nagbuo ng mga pangkat o grupo upang labanan ang mga Hapon, gaya ng mga gerilya, HUK, at iba pa.



GABAY SA PAGWAWASTO

Unang Pagsusulit

1. C
2. D
3. T
4. H
5. Q
6. G
7. N
8. O
9. B
10. I
11. J
12. M
13. E
14. R
15. S
16. P
17. K
18. F
19. L
20. A

Huling Pagsusulit

1. C
2. C
3. B
4. B
5. C
6. B
7. A
8. B
9. C
10. B